

WORD

Ituro mo rin sa mga mapagkakatiwalaang tao, na makakapagturo rin sa iba, ang mga aral na narinig mo sa akin sa harapan ng maraming saksi. 2 TIMOTEO 2:2

Si Timoteo ang “protégé” ni Pablo. Si Pablo marahil ang nagbahagi ng ebanghelyo sa kanya at nagturo sa kanya ng lahat ng kanyang nalalaman. Bago pa man naisulat ang talatang ating binasa, si Pablo ay nakulong na at nais niyang siguraduhin na maipapasa ni Timoteo ang mensahe ng ebanghelyo sa iba pang mapagkakatiwalaang tao. Ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon. Gaya ni Pablo, hindi natin dapat makalimutan na ipasa ito sa mga henerasyong susunod sa atin. Sa araling ito, ating matututunan mula sa buhay nila Pablo at Timoteo kung paano natin magagawa ang mga dapat nating gawin at manuno kasama ang susunod na henerasyon.

1 Maglaan ng panahon sa susunod na henerasyon.

¹Nagpatuloy sina Pablo sa paglalakbay sa Derbe at Lystra. May tagasunod ni Jesus doon sa Lystra na ang pangalan ay Timoteo. Ang kanyang ina ay Judio at mananampalataya rin, pero ang kanyang ama ay Griego. ²Ayon sa mga kapatid doon sa Lystra at sa Iconium, si Timoteo ay mabuting tao. ³Gusto ni Pablo na isama si Timoteo . . . MGA GAWA 16:1-3

Si Timoteo ay isang tagasunod, at noong panahong ito, sinamahan niya sina Pablo and Silas sa kanilang paglalakbay bilang mga misyonaryo. Si Pablo ay namuhunan sa susunod na henerasyon sa katauhan ng mga kagaya ni Timoteo upang siguraduhin na ang ebanghelyo ay patuloy na lalaganap. Paano mo nakilala si Kristo? Sino ang nagbahagi ng Mabuting Balita sa iyo?

.....

.....

.....

2 Isama sa mga gawain ang susunod na henerasyon.

³Gusto ni Pablo na isama si Timoteo, kaya tinuli niya ito para walang masabi ang mga Judio laban kay Timoteo, dahil ang lahat ng Judio na nakatira sa lugar na iyon ay nakakaalam na Griego ang ama nito. Pagkatapos, pinuntahan nila ang mga bayan at ipinaalam nila sa mga mananampalataya ang mga patakarang napagkasunduan ng mga apostol at ng mga namumuno sa iglesia sa Jerusalem. Sinabihan nila ang mga mananampalataya na sundin ang mga patakarang ito. **MGA GAWA 16:3-4**

Ang kaharian ng Diyos ay hindi lamang para sa mga nakatatanda o sa mga mas maraming kaalaman o karanasan sa buhay. Ito ay para sa lahat ng mananampalataya. Ipinakita ito ni Pablo sa pamamagitan ng pag-akay kay Timoteo na maging kasama ng kanilang pangkat, habang kanilang binubuo at pinalalakas ang mga simbahan. Ano sa iyong palagay ang naramdaman ni Timoteo ng panahong ito? Sa iyong palagay, paano nakatulong sa paglago ni Timoteo ang pasama niya kina Pablo at Silas?

3 Palakasin ang kakayahan ng susunod na henerasyon.

At dahil nga rito, pinapunta ko ryan si Timoteo, ang aking minamahal at tapat na anak sa Panginoon. Ipapaalala niya sa inyo ang tungkol sa pamumuhay ko kay Kristo Jesus, na siya ring itinuturo ko sa lahat ng iglesia saan mang lugar. **1 CORINTO 4:17**

Matapos ang pagsasanay at mga payo na natanggap ni Timoteo kay Pablo, siya ay nagpatuloy ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Siya ay nagkaroon ng kakayanan na gawin ang ipinapagawa ng Diyos. Sa iyong palagay, paano nagkaroon si Timoteo ng kakayanan at lakas ng loob na gumawa ng mga tagasunod ni Kristo? Paano natin magagawang palakasin ang kakayahan ng susunod na henerasyon?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba sa susunod na henerasyon? Ano ang maaari mong gawin upang maglaan ka ng pahahon sa susunod na henerasyon?
- Paano mo maisasama ang susunod na henerasyon sa mga gawain upang kanilang makilala at sundin ang Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang tulungan silang tuparin ang plano ng Diyos sa kanilang buhay?
- Ano ang iyong pangitain para sa susunod na henerasyon at sa iyong palagay, paano mo ito maisasakatuparan?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pangangalaga na Kanyang ginawa sa katotohanan at kapangyarihan ng ebanghelyo sa loob ng maraming henerasyon.
- Ipanalangin na tayo ay laging maging tapat sa pagtuturo ng mga naipasa na sa atin. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paaano mo maisasama ang susunod na henerasyon sa mga gawain at magagawang mamuhunan sa kanila.
- Ipanalangin na ang susunod na henerasyon ay magkaroon ng matibay na kakayahan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang maipagpatuloy ang paglaganap ng kaharian ng Diyos at maipahayag si Kristo sa lahat ng bansa sa mundo.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph